

**Delivered during the SPED Center Turnover**  
*on October 1, 2020*

Assalamu alaykum wa rahmatullahi wa barakatuhu.

Ang edukasyon ay karapatan ng bawat mamamayan na nasa edad ng pag-aaral. Nakatuon dapat ito sa pagpapaunlad ng bawat tao at pagpapatibay ng respeto sa kapwa. Haligi ito ng payapa at maunlad na Bangsamoro.

At kasama sa obligasyon ng ating gobyerno – ng inyong Bangsamoro Government – na siguraduhing walang mapag-iiwanan sa larangang ito.

Kaya naman sa ating opisina, layunin na matugunan ang mga pangangailangan ng bawat mag-aaral, lalo na ng mga learners na may espesyal na pangangailangan o *special needs*.

Isa sa adbokasiya natin ang Special Education. Para sa atin, importanteng mabigyan ng patas at de-kalidad na edukasyon ang kabataang Bangsamoro, kasama na ang ating *special learners* — at dapat nagagawa natin ito sa paraan na *sustainable at responsive*.

Malaking bahagi nito ang pagsiguro na may sapat na kagamitan ang mga SPED Center, para matiyak natin na makukuha ng ating mga mag-aaral ang klase ng edukasyon na hangad natin para sa kanila. Mahalaga ito lalo na ngayong may pandemya. Dapat sigurado tayong walang *special learner* na maiiwan habang binabago at binabagay natin ang *mode at delivery of education* sa panahong ito.

Patuloy tayong maninindigan upang maihatid lahat ng tulong na kayang ibigay ng ating opisina — tulad ng mga kagamitan para sa paghahanda sa *blended learning* at sa pagproproduce ng *modules* ayon sa inutos ng pamahalaan, at mga *health and sanitation supplies* para ligtas ang teachers at learners natin sa COVID-19.

Kasunod lamang ito ng aming pagnanais na tayo ay patuloy na makapagtulungan sa pagsusulong ng adbokasiya para sa Special Education. Lubos kaming nagpapasalamat sa inyo na katuwang namin sa pagbuo ng isang *healthy learning environment* para sa ating mga mag-aaral.

Maraming salamat.

**ATTY. ANNA TARHATA BASMAN**  
*Member of the Parliament, Bangsamoro*